5

# Modelong Banghay- Aralin sa Asignatura

Kuwarter
Linggo
1

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Asignatura 5**
**Kuwarter 1: Linggo 1**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 *Curriculum* sa *School Year* 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Manunulat: Maria Fe G. Hicana**
**Tagasuri: Jasper Lomtong**

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nauunawaan ang tekstong naratibo (mito).**<br>*a. Napagsusunod- sunod ang mga pangyayaring hindi bababa sa pito.*<br>*(Una at Ikalawang araw)*<br>**Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap.**<br>*a. panandang konteksto – pagbibigay kahulugan*<br>*(Ikatlong araw)*<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng panalita sa pagpapahayag.**<br>*a. Pang-uring Pamilang*<br>• *palansak*<br>*(Ikaapat na araw)*<br>**Nakabubuo ng pahayag gamit ang langkapang pangungusap.**<br>*(Ikalimang araw)* |


| | |
|---|---|
| | **Natutukoy ang mga elemento ng *multimedia*.**<br>• *text (slogan)* |
| **C. Nilalaman** | Unang Linggo<br>AKDANG NARATIBO:<br>Mito<br><br>KAUGNAY NA PAKSA:<br>WIKA: a. Pang-uring Pamilang (palansak)<br>Langkapang Pangungusap<br><br>TEKSTONG BISWAL:<br>text (slogan) |
| **D. Integrasyon** | Pagpapahalaga sa Kapuwa |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Enhanced Basic Education Act. (2013). Nakuha mula sa https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/<br>Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.<br>Knowledge Power Tv. (2020). Ang Mitolohiyang Filipino. https://www.youtube.com/watch?v=C4LtGGEbdxs<br>Para sa Pagpapahula ng mga Pangalan ng Diyos/a. (2024). https://randomspinwheel.com/<br>Tungkol sa Mitolohiya. (2024). https://gabay.ph/mitolohiya/<br>Ang Sirena at Si Santiago – Mitolohiya mula sa Pagadian. (2015) https://blogadagdps.wordpress.com<br>Mga larawang ginamit. (2024). Kinuha sa: https://www.google.com/search?q=images |

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**SINEMITOLOHIYA:** Pag-alala ng Mitolohiyang Pilipino | Ipaalala sa mga mag-aaral na tinalakay na sa Ikaapat na baitang sa ikatlo at ikaapat na |

**1. Maikling Balik-aral**

**Bathula.** Gamitin ang *link* na ito: [https://randomspinwheel.com/](https://randomspinwheel.com/) upang ilagay ang mga kinikilalang diyos/a, bathala sa mitolohiyang Pilipino. Tumawag ng mag-aaral at hayaang silang pindutin ang *wheel* at kung ano ang pangalan ng diyos/a na lumabas ay kailangang mailarawan niya ito kahit parirala o isang pangungusap.




Gawing gabay ang mga pangalan na nasa kahon.

diyos na naninirahan sa kalangitan

diyosa ng mga bituin 3. diyos ng mga mandirigma

diyosa ng mga Panay 5. diyosa ng kagandahan

6. diyosa ng mga Kapampangan 7. diyosa ng mga taga-Laguna

8. diyos ng mga taga-Cordillera 9. diyos ng mga Ifugao

10. Kataas-taasang diyos ng Kabisayaan

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Pahapyaw na talakayin ng guro ang Mitolohiya sa pamamagitan ng pagbibigay ng link ([https://gabay.ph/mitolohiya/](https://gabay.ph/mitolohiya/)) sa mga mag-aaral o gawin ito nang sabay sa loob ng klase. Ipabasa ito sa mga mag-aaral.

kuwarter ang tungkol sa Mitolohiya. Bilang balik-aral, tukuyin ang mga bathala/diyos/a na nakasulat sa *randomspinwheel* sa pamamagitan ng Bathula. Malayang makakasulat ng mga pangalan ng diyos/a ang guro sa *randomspinwheel.com.* Ipakikita sa mga mag-aaral ang mga diyos/a na nakasulat sa *randomspinwheel* kung may *internet* o *data* ngunit kung wala ay maaaring isulat na lamang sa matigas na karton ang pangalan ng bawat diyos/a at ipalarawan ito sa mag-aaral o tanungin ang bata kung ano ang naiisip kapag nabasa ang pangalan ng diyos/a. Sa pagsagot, gawing gabay ang mga pariralang nasa kahon. Ang makasasagot ay tatawag ng kamag-aral upang sagutin ang susunod na bilang.

**Susing Sagot:**
1. Bathala
2. Tala
3. Apo Laki
4. Alunsina
5. Venus

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
gabay.ph/mitolohiya/#3-mitolohiya-ng-pilipinas<br>
Gmail CFSS.CLOUD Adobe Acrobat<br><br>
Ang Greek Mythology ay isa sa pinakasikat na mitolohiya hindi lang sa buong mundo kung di sa Pilipinas. Iilan dito ang istorya ni Medusa, Icarus, at Theseus and the Labyrinth.<br><br>
Talaan ng Nilalaman<br><br>
• Elemento ng Mitolohiya<br>
• Halimbawa ng Mitolohiya<br>
  • Mitolohiya ng Pilipinas<br>
  • Mitolohiya ng Roma<br>
  • Mitolohiya ng Africa<br>
  • Mitolohiya ng Persia<br>
  • Mitolohiya ng Griyego<br><br>
Elemento ng Mitolohiya<br><br>
Ang mitolohiya ay ang mga kuwentong umusbong noong unang panahon na ang tema'y pananampalataya at pagsasamba sa mga diyos/diyosang may natatanging kapangyarihang hindi makikita sa mga normal na tao. Kadalasang mga kuwento nito'y ukol sa pakikipagsapalaran ng mga diyos, interaksyon nito sa mga mortal, pananampalataya ng mga mortal, at pag-ibig nito sa kapwa diyos/diyosa o sa mga mortal.<br>
(sampol ng talakay sa Mitolohiya na makikita sa gabay.ph/mitolohiya)
</td>
<td>
6. Mariang Sinukuan<br>
7. Mariang Makiling<br>
8. Kabunyian/Kabunyan<br>
9. Bugan<br>
10. Kaptan/Laon<br><br>
Pagkatapos ng gawain ng Bathula, tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kinalaman nito sa paksang tatalakayin. Tanungin din ang mga mag-aaral kung ano ang naaala nila sa tinalakay na Mitolohiya noong sila ay nasa ikaapat na baitang. Ipabasa ang kahulugan ng mitolohiya at pahapyaw na talakayin ito sa mga mag-aaral. Ipabasa ito sa mga mag-aaral. Ito ang link: https://gabay.ph/mitolohiya/
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **PANIMULANG EPISODYO: PAGPAPAKILALA SA MITOLOHIYA**<br><br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br>**Pag-isipan.** Paano kaya kung ikaw…<br>1. ay may kapangyarihan, gugustuhin mo ba? Anong uri ng kapangyarihan ang gusto mong makamit?<br>2. ay walang kapangyarihan ngunit lahat ng kamag-aral mo ay mayroon?<br><br>  <br><br>*Mula sa: Top 29 Diyos at Diyosa Sa Philippine Mythology:* https://www.youtube.com/watch?v=H-EFxSssE3g&t=260s<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Hulagot:** Bago tumungo sa pagbabasa ng mitolohiya, basahin muna ang mga pangungusap. Ibigay ang nakasaad na kahulugang denotasyon at konotasyon. Pag-aralan kung paano ginamit ang mga salita. Isulat ang | Tumawag ng ilang mag-aaral upang ipasagot ang tanong sa PAG-ISIPAN: Paano kaya kung ikaw ay…<br><br>Bago ipasagot sa mga mag-aaral ang bahaging ito ay talakayin muna ang kahulugan ng Denotasyon at Konotasyon. Ipabasa ang halimbawa at ipaunawa sa mga mag-aaral. |

| | | |
|---|---|---|
| | kahulugan nito sa patlang. Pag-aralan muna ang halimbawa.<br><br>**Denotasyon:** Si Bathala ang pinakamakapangyarihang diyos sa lahat ng diyos ng mga taga-Luzon.<br>**Kahulugan:** tagalikha, dinadakila<br>**Konotasyon:** Huwag mo sanang gawing diyos ang iyong *cellphone*.<br>**Kahulugan:** pinakamakapangyarihan, unahin sa lahat<br>Samakatuwid ang denotasyon ay ang literal na kahulugan ng salita o kahulugan mula sa diksiyonaryo; samantalang ang konotasyon ay ang malalim na pakahulugan sa salita o iba pang nais ipakahulugan.<br><br>**1. Denotasyon:** Maraming isda ang nahuli ni Santiago.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Nakahuli ng malaking isda ang pamahalaan.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>**2. Denotasyon:** Nagalit ang hari sa balita.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Ikaw na ang hari sa buhay ko.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>3. **Denotasyon:** Nagkita sina Santiago at Carla sa likod ng malalaking bato.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Naging bato na ako sa tagal ng paghihintay sa iyo.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>4. **Denotasyon:** Malalaking alon ang pumatay sa mga tao.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Parang alon ang buhay namin ngayong pandemya.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>5. **Denotasyon:** Naging bangin ang iniwan ng malalaking alon bilang paalala sa mga tao.<br>**Kahulugan:** ______________________________<br>**Konotasyon:** Muntik na siyang mahulog sa bangin ng kamatayan.<br>**Kahulugan:** ______________________________ | |
| **3. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW** | |

**EPISODYO NG PAGTUKLAS: NAGLILIYAB NA KAALAMAN**

**Kaugnay na Paksa 1: Ang Sirena at Si Santiago**

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**
   Gawing patnubay ang gabay na mga tanong upang maiugnay ang dating karanasan ng mga mag-aaral sa inaasahang matututuhan bago basahin ang tampok na aralin.
   1. May naaalala ka bang mitolohiya na iyong nabasa?
   2. Paano sinisimulan ang kuwento sa mitolohiya?
   3. Paano malalamang nagwakas na ang kuwento ng mitolohiyang binasa mo?

**Pagbasa ng Mitolohiya**

**Ang Sirena at Si Santiago**

*Halaw mula sa: https://blogadagdps.wordpress.com/2015/07/08/mitolohiya-ng-pagadian-city/*

Ang mitolohiyang ito ay mula sa Pagadian, Zamboanga Del sur. Noong unang panahon, pinaniniwalaan ng ating mga ninuno ang tungkol sa mga sirena. Sila ang mahihiwagang nilalang na kalahating tao at kalahating isda. Naging usap-usapan din noon na may gantimpala ang sinomang makakahuli sa sirena, kahit na ang sirena ay patay o buhay.



Kuhang larawan mula sa: https://www.alamy.es/imagenes/sirena-coqueta-vector.html?sortBy=relevant

Ipabasa muna ang mga gabay na tanong bago basahin ang mitolohiya.

Makabubuting tumawag ng mga mag-aaral na magbabasa sa bawat talata. Pagkatapos magbasa ng mag-aaral na tinawag ay siya naman ang tatawag ng susunod na babasa.

| | | |
|---|---|---|
| | Sa matagal na panahong nakalipas, may isang makisig na mangingisdang lalaki ang namuhay. Ang pangalan niya ay Santiago. Sa lahat ng dagat ng Pagadian, siya ay nakikipagsapalaran kasama ang bawat alon ng tubig upang makarami ng huli bawat araw. Isang araw ng hapon, habang siya'y nag-iisang nangingisda, mayroon siyang narinig na napakagandang tinig. Sinundan niya ang boses. Nakarating siya sa malalaking bato at sa likod noon ay natagpuan niya ang isang babaeng napakaganda. Hindi siya makapaniwala sa kaniyang nakita. Ang babae ay parang diyosa sa ganda, may napakagandang tinig, at may angking galing. Ngunit napansin ng binata na may buntot na parang isda ang dalagang nasa harap niya. Nang napansin ng dalaga na may taong nakakita sa kaniya, kinabahan ito at dali-daling lumangoy pabalik sa dagat, ngunit nabihag niya ang puso ng lalaki na agad-agad din namang sumagwan para mahabol niya ito. Nakumbinsi ni Santiago ang sirena na makapag-usap silang dalawa. Dahil dito, naging malapit sila sa isa't isa. Nagpakilala ang sirena sa binata. Siya ay si Clara. Pagkatapos nang nangyari, araw-araw na silang nagkikita at nag-uusap sa lugar na iyon hanggang sa umibig sila sa isa't isa. Sa sobrang pagmamahal ni Santiago kay Clara ay naisipan niyang sumama sa kaharian nina Clara upang doon na manirahan. Noong una, hindi sumang-ayon si Clara sa gusto ng binata ngunit nagpumilit ito kaya't pumayag na lang siya. Pagkalipas ng tatlong araw ng hindi pag-uwi ni Santiago, nagtaka na ang kaniyang pamilya at nagsimulang mangamba. Sa pag-aalala ay pinatawag ng kaniyang mga magulang ang ibang mga mangigisda para hanapin ang kanilang anak.<br><br>Sa kabilang dako ay naroon sina Santiago at Clara sa lugar na nakasanayan nilang puntahan, sa likod ng malaking bato kung saan sila unang nagkita. Nakikipaglaro ang magkasintahan sa mga isda nang biglang dumating ang grupo ng mga mangingisda na nagulat sa kanilang nakita. Lumusong sila sa tubig dahil akala nila'y ginayuma si Santiago upang maging isa sa mga sinasabing bihag ng mga sirena. Agad namang pinrotektahan ni Santiago ang kaniyang minamahal at sa kasamaang palad ay natamaan ito ng balsa at namatay. Sinikap ng sirenang makaalis ngunit naabutan din siya ng mga lalaki at pinatay. Sa kaharian naman ng mga sirena, sinumbong ng mga isda sa hari ang nakita nilang marahas na pagpatay kina Santiago at Clara. Nagalit nang husto ang mga pinuno sa kaharian kaya't gusto nilang parusahan ang mga tao upang matuto ang mga ito. Nagpakawala sila ng napakalakas na alon, na tinatawag na "tsunami" sa kasalukuyan. Dahil dito, | |

maraming nalunod at namatay na mga mangingisda. Nagdulot ito ng malaking pagkasira sa buong lungsod ng Pagadian.

Pagkatapos ng tsunaming ito, nagkaroon ng isang bangin. Ito ay nagsilbing palatandaan sa kasamaan ng mga tao noon na ginawa nila sa magkasintahan. Ngayon ay naging napakabait na ng mga tao sa dagat at sa mga isda, gayundin sa kanilang kapuwa. At hindi na rin sila nang-aapi ng sirena sakaling makakita sila nito.

**EPISODYO NG SULIRANIN: PAGTUGON SA PAGSASANAY**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

A. Tukuyin ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa binasang mitolohiya. Isulat sa patlang ang bilang.

1. Isang araw, nakita ng binata ang napakagandang babae sa likod ng mga bato. _______

2. Sa kabilang dako ay nagsumbong ang mga isda sa nangyari. Nagalit ang hari dahil sa narinig. _______

3. Noong unang panahon, may isang binatang makisig na mangingisda ang naninirahan sa Pagadian. _______

4. Nang napansin ng dalaga na may taong nakakita sa kaniya, kinabahan ito at dali-daling lumangoy pabalik sa dagat. _______

5. Dahil dito, nabihag ang binata sa dalaga at ipinasyang sumama sa kaharian ng mga sirena. _______

6. Nang sumunod na araw, lagi nang nagkikita sina Santiago at Clara sa likod ng malalaking bato at dahil dito ay umibig sila sa isa't isa. _______

7. Simula noon, naging mababait na ang mga tao sa Pagadian sa mga isda sa dagat at maging sa kanilang kapuwa. _______

Dugtungan Tayo: Tatawag ang guro ng pitong pares ng mga mag-aaral upang isalaysay nang sunod-sunod ang mga nangyari sa mitolohiya. Simulan ito sa unang magkapareha para sa simula ng kuwento hanggang sa makaabot sa wakas ng kuwento.

Slogan Pa More: Ipaliwanang muna ng guro kung ano ang kahulugan ng Slogan.

B. Isulat ang panandang mga salita upang malaman ang pagkakasunod-sunod ng bawat pangyayari sa kuwento.

| Bilang ng pangyayari | Mga panandang salita o parirala sa pagsusunod-sunod ng pangyayari |
|---|---|
| *Unang pangyayari* | |
| *Sumunod na pangyayari* | |
| *Sumunod pa uling nangyari* | |
| *Ang sumunod pa* | |
| *Malapit nang matapos* | |
| *Wakas* | |

C. Isulat sa kuwaderno ayon sa sariling pangungusap ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ukol sa binasang mitolohiya.

Ipabasa sa mga mag-aaral ang nakasulat na talata. Pagkatapos ay ipasagot ang mga tanong.

**IKATLONG ARAW**

**EPISODYO NG KASUKDULAN: BUGSO NG NATUTUHAN**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

A. **DUGTUNGAN MO.** Humanap ng kapareha. Ang una ay magsasalita nang mga panandang parirala o salita at ito ay dudugtungan ng ikalawang kapareha. Kailangang matapos ang kuwento ng mitolohiya. Gawin ito sa harap ng klase.

**Unang Pares:**
**Una:** Noong unang panahon sa isang isla ay
**Ikalawa:** may isang binatang sikat dahil sa kaniyang kahusayan sa pangangaso

Ipaalala sa mga mag-aaral na ang paksa tungkol sa **Pang-uri**

B. ***SLOGAN PA MORE***: Humanap ng kapareha. Pag-usapan ang bawat *slogan* na nakasulat sa kaliwang bahagi ng talahanayan. Isulat sa kanang bahagi ang inyong paliwanag hinggil dito.


Pahapyaw na talakayin ng guro ang tungkol sa *slogan*.

Ang **slogan** ay isang kasabihan o pinaniniwalaan, tinatawag din itong *motto* sa Ingles. Maaaring kasabihan ito ng isang kompanya, negosyo, organisasyon, institusyon o ng mga kilalang tao o personalidad na madaling maaalaala. Sa mga programa sa telebisyon, isa sa mga pangagailangan nila ay ang magtaguyod ng isang *slogan* na lalong nagpapaalala sa mga tao upang lalo panoorin o tangkilikin ang kanilang programa.

| TEXT NG SLOGAN | PALIWANAG |
|---|---|
|   | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
|   | ______________________<br>______________________<br>______________________ |
| | ______________________ |

at ang mga uri ng pang-uring pamilang. Bigyang-diin ng guro ang **Pang-uring pamilang na palansak.** Ipabasa ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipasagot ang mga tanong.

Ipaalala sa mga mag-aaral na ang paksa tungkol sa uri ng mga pangungusap. Bigyang-diin ng guro ang langkapang pangungusap. Ang iba pang Uri ng Pangungusap ay natalakay na sa Ikaapat na

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr>
<td>
</td>
<td>______________________________<br>______________________________</td>
</tr>
<tr>
<td>
</td>
<td>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>Anong slogan ang maaari ninyong ilapat sa binasang mito?<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________</td>
</tr>
</table>

Kaugnay na Paksa 2: Pang-uring Pamilang: Palansak<br>Langkapang Pangungusap

Tanungin ang mga Mag-aaral: Nakakita ka na ba ng sirena?

Ipabasa ang talata: Ang sirena ay sinasabing naninirahan sa malawak na dagat, doon sa pusod ng dagat. May mga nagsabing ang sirena ay kalahating
</td>
<td>baitang. Ipabasa ito sa mga mag-aaral. Pagkatapos ay ipasagot ang mga tanong.</td>
</tr>
</table>

tao at kalahating isda. Maladiyosa ang kaniyang ganda at nakakasilaw ang kaniyang puti. Nakakabighani rin daw ang kaniyang tinig kaya maraming naakit sa kaniya kapag siya ay nakita. Marami raw na lumalabas na sirena kapag dapithapon na. Natatakot silang magpakita sa maraming tao kaya madalas na sila ay nagtatago sa batuhan. May mga nagsasabi naman na hindi totoo ang mga sirena. Ikaw, naniniwala ka bas a sirena?

1. **Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**
   1. Ano -ano ang paglalarawang binanggit tungkol sa sirena?
      **Sagot:** ____________________________________________
   2. Ano ang tawag sa mga paglalarawang ito?
      **Sagot:** ____________________________________________
   3. Anong uri ng mga salita ang ginamit sa paglalarawan?
      **Sagot:** ____________________________________________
   4. Anong uri ng mga pangungusap ang bumubuo sa talata?
      **Sagot:** ____________________________________________
   5. Paano nagkakaiba ang mga ito?
      **Sagot:** ____________________________________________

**Talakayin ng Guro:** Tinatawag na **Pang-uri** ang mga salitang naglalarawan. Maaaring ang inilalarawan nito ay katangian ng pangngalan o panghalip. Nahahati ang pang-uri sa dalawang uri:

**1. Pang-uring panlarawan-** naglalarawan ng kulay, anyo, hugis at iba pang katangian na may kaugnayan sa paningin, pang-amoy, pakilasa, pandinig, at pandama.

**2**. **Pang-uring Pamilang** – naglalarawan ng bilang, dami, at halaga.
May anim na uri ang Pang-uring Pamilang. Ang mga ito ay:

*2.1 Palansak* – nagsasaad ng bilang na maramihan, minsanan, pangkatan.

Halimbawa:

a. **Tatluhan** ang pila ng mga sirena.
b. **Marami** ang nakakita sa sirena.

*2.2 Pamahagi* – nagsasaad ng bahagi o parte ng kabuoan.

Halimbawa:

a. **Tigatlo** kami ng lampara para hanapin ang mga sirena.
b. **Kalahati** lang ng dagat ang nakita kong pinuntahan ng sirena.

*2.3 Panunuran* – tumutukoy sa pagkakasunod-sunod.
Halimbawa:
a. **Pangatlo** sa magkakapatid si Santiago.
b. Sa akin **unang** nagpakita ang sirena.

*2.4 Patakaran* – ito ang batayan sa pagbibilang.
Halimbawa:
a. **Tatlo** ang sirenang lumangoy sa dagat.
b. **Isang** sirena lang ang nakita ko.

*2.5 Pahalaga* – tumutukoy sa halaga o presyo.
Halimbawa:
a. **Tatlong milyon** ang ipagkakaloob sa makakahuli sa sirena. b. **Isandaang milyon** ang hinihiling ng nakahuli sa sirena.

*2.6 Patakda* – tinitiyak na ang bilang ay hindi madaragdagan mababawasan.
Halimbawa:
a. **Tatatlo** lamang sirena ang nahuhuli.
b. Napakaliit ng lagusan papunta sa kaharian ng sirena kaya **iisa** lang ang nakapasok.

**1. Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano ang kaibahan ng pang-uring pamilang sa panlarawan?
   **Sagot:** ________________________________________________
   ________________________________________________

2. Ano ang iba't ibang uri ng pang-uring pamilang?
   **Sagot:** ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________
   ________________________________________________

3.Magbigay ng tig-iisang halimbawa ng pang-uring pamilang.

**Sagot:** ______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Talakayin ng Guro:** Ang **langkapang pangungusap** ay binubuo ng ng dalawang sugnay na makapag-iisa at isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa. Ginagamitan din ito ng mga pangatnig. Maaaring ipakita sa ganitong dayagram:

| dalawang sugnay na makapag-iisa + isa o higit pang sugnay na di-makapag-iisa; paggamit ng pangatnig | unang dalawang pangungusap + sumusuporta sa unang dalawang ideya |
|---|---|

Halimbawa: **Nagalit ang hari sa kalaliman at nagalit din ang mga pulo sa kaharian nang malaman na pinatay ang magkasintahan,** dahil dito, nagpakawala sila ng malalakas na alon.

Ang unang dalawang bahagi ng pangungusap na initiman ay dalawang sugnay na makapag-iisa at ang huling bahagi ng pangungusap ay isang sugnay na di-makapag-iisa. Ang pangatnig na ginamit sa pangungusap ay *dahil dito.*

**1. Pagproseso ng Pag-unawa: Sagutin ang sumusunod na tanong:**

1. Ano-anong sugnay ang bumubuo sa langkapang pangungusap?
   **Sagot:** ______________________________________________
   ______________________________________________
2. ano ang nag-uugnay sa mga sugnay na nasa langkapang pangungusap?
   **Sagot:** ______________________________________________
3. Isa-isahin ang mahahalagang kaisipan sa langkapang pangungusap.
   **Sagot:** ______________________________________________

______________________________________________

**2. Pinatnubayang Pagsasanay.**

A. Guhitan ang mga **pang-uring pamilang na palansak** sa bawat pangungusap.

1. Sa sobrang haba ng pila sa palabas na sirena, ginawa itong dalawahan para mapabilis.
2. Isahan lang ang pagpapalista para sa mga nais manood ng sirena.
3. Hanggang ngayon ay marami pa rin ang hindi naniniwala sa sirena.
4. Kakaunti na lamang ang sirena ngayon.
5. Para lamang pala sa apatan ang bangka ng mga sirena.

B. Sumulat ng sariling pangungusap gamit ang mga pangatnig na nakasaad.

1. kung gayon
**Pangungusap:** ______________________________________________
2. gayunpaman
**Pangungusap:** ______________________________________________
3. kaya
**Pangungusap:** ______________________________________________
4. para sa
**Pangungusap:** ______________________________________________
5. dahil dito
**Pangungusap:** ______________________________________________

**3. Paglalapat at Pag-uugnay.**

A. Sumulat ng limang pangungusap na may pang-uring pamilang na palansak. Guhitan ito.

1. *Pangungusap:* ______________________________________________

2. *Pangungusap:* ______________________________________________

3. *Pangungusap:* ______________________________________________

4. *Pangungusap:* ______________________________________________

5. *Pangungusap:* ______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | B. Buoin ang **langkapang pangungusap** na nakasaad batay sa binasang teksto.<br>1. Sinasabing ang sirena ay naninirahan sa pusod ng dagat at may mga nagsabing ang sirena ay kalahating tao at kalahating isda; gayunpaman _______________________________________________<br>2. May isang makisig na mangingisdang lalaki ang namuhay sa Pagadian, at sa lahat ng dagat ay nakikipagsapalaran siya upang _______________________________________________<br>3. Ang babae ay parang diyosa sa ganda, may napakagandang tinig, at may angking galing, ngunit _______________________________________<br>4. Nang napansin ng dalaga na _____________________________________, kinabahan ito at dali-daling lumangoy pabalik sa dagat.<br>5. Dahil sa ____________________________, ang mga tao ay naging napakabait na sa dagat at sa mga isda, at hindi na rin sila nang-aapi ng sirena sakaling makakita sila nito. | |
| **4. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**EPISODYO NG WAKAS: PAGSIBOL NG TUGON**<br>• **Pabaong Pagkatuto**<br><br>**A.** Basahing muli ang tampok na teksto: “Ang Sirena at Si Santiago.” Sa kuwaderno, isulat ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari ng kuwento na hindi bababa sa pitong pangungusap. Gamitin ang sariling pangungusap.<br>**B.** Batay pa rin sa tekstong binasa, sumulat ng limang langkapang pangungusap sa kuwaderno. Guhitan ang mga pangatnig na ginamit.<br>**C.** Sa kuwaderno pa rin, maglista ng limang pang-uring pamilang na palansak.<br><br>• **Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>**Halaga ng Kapuwa:** Basahing mabuti ang sitwasyon at pagnilayan ang sagot hinggil dito.<br>1. Sa iyong palagay, kung hindi nakita ni Santiago ang sirenang si Carla, ano kaya ang mangyayari? Ipaliwanag.<br>2. Kung ikaw ang hari, parurusahan mo rin ba ang mga tao sa kanilang ginawa? Bakit?<br>3. Magsalaysay ng iyong karanasan na nagpapakita ng pagpapahalaga sa | |

| | | |
|---|---|---|
| | kapuwa. Humandang ibahagi ito sa klase. | |

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**A.** Lagyan ng bilang isa hanggang lima ayon sa pagkakasunod-sunod ayon sa binasang teksto. Isulat ito sa patlang<br>1. Nagalit ang hari sa balita.<br>**Sagot:** ______<br><br>2. Labis na namangha si Santiago sa kagandahan ni Carla.<br>**Sagot:** ______<br><br>3. Sumama si Santiago sa kaharian ng mga sirena at dahil dito ay Nawala siya ng tatlong araw sa lupa.<br>**Sagot:** ______<br><br>4. Nag-ibigan ang dalawang magkasintahan.<br>**Sagot:** ______<br><br>5. Nang makita ng mga mangingisda si Santiago na kasama ang sirenang si Carla ay agad nila itong sinugod at napatay ang magkasintahan.<br>**Sagot:** ______<br><br>**B**. Sumulat ng pangungusap gamit ang mga pang-uring pamilang na palansak.<br><br>1. limahan - ______________________________________________<br>2. lahat - ________________________________________________<br>3. maramihan- ____________________________________________<br>4. sampuan- ______________________________________________<br>5. animan - ______________________________________________<br><br>**C**. Sumulat ng limang langkapang pangungusap gamit ang mga pangatnig. | |

1. ngunit
**Pangungusap:** ___________________________________________________
2. sapagkat
**Pangungusap:** ___________________________________________________
3. pero
**Pangungusap:** ___________________________________________________
4. dahil dito
**Pangungusap:** ___________________________________________________
5. kaya
**Pangungusap:** ___________________________________________________

**D**. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bawat slogan.

| ***SLOGAN*** | **PALIWANAG** |
|---|---|
| **Kapaligiran ay ingatan para sa bayan at kay inang kalikasan.** | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| **Sugpuin ang polusyon, iyan ang solusyon.** | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| **Basura'y huwag iwanan, hanapin ang basurahan.** | |

| | | |
|---|---|---|
| | (blank answer table with lines)<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br>1. Sumulat ng isang ***slogan*** **tungkol sa pagpapahalaga sa kapuwa** sa isang matigas na papel, maaaring lumang kalendaryo. Gawin itong *bookmark* at sulatan ng *slogan.* Maging malikhain sa paggawa, maaaring kulayan ito at ibigay sa paboritong kaklase.<br>2. Pag-aralan ang tungkol sa **Epiko** para sa susunod na paksa. | |
| ***B.*** **Pagbuo ng Anotasyon** | (see table below) | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan*** | |

| **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| ***At iba pa*** | | |

| | | |
|---|---|---|
| | *Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni:*** Maria Fe G. Hicana | ***Sinuri ni:*** Jasper Lomtong |
| ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila | ***Institusyon:*** Philippine Normal University-Manila |